



PATNUBAY SA MISA



9 Mayo 2021

Ika-6 na Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay

Taon B

ARAW NG MGA INA

Si Kristong Magsusugo ng Espiritu ng Pag-ibig

Tayo ay nagdiriwang ng Ikaanim na Linggo ng Muling Pagkabuhay. Nais ihanda ng Panginoong Hesus ang kanyang mga alagad para sa kanyang paglisan sa daigdig na ito. Tiniyak niyang hindi sila malulungkot dahil isusugo niya sa kanila ang Espiritu ng pag-ibig. Ang Espiritung Banal ang tutulong upang ang mga alagad ay makatupad sa mga utos ng Diyos. Ang pagtalima sa mga ninanais ng Diyos ang siyang magpapatibay sa kanila sa pagmamahalan. At ang taong puno ng pagmamahal ay puspos din naman ng ligaya. Kung talagang nananahan sa atin ang Espiritu ay napapawi ang lahat ng lungkot sa ating buhay. Ang ligayang galing sa dalisay na pag-ibig ang dapat nating ikalat sa mga taong nakapaligid sa atin upang tunay na mabago ang buong daigdig.

Ito din ay isang magandang pagkakataon upang ipakita ang pagmamahal at utang na loob sa ating mga ina, sa pagdiriwang natin ngayon ng Araw ng mga Ina.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Buong galak na ilahad upang marinig ng lahat ang ginawang pagliligtas ng Panginoong malakas. Aleluya ang ihayag!

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong magsusugo ng Espiritu ng pagmamahal, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Madalas tayong natatakot na mabalot ng kalungkutan. Ngunit tiniyak ni Hesus na hindi ito

mangyayari kung matututo tayong umibig nang tunay. Para sa ating kakulangan ng pag-ibig sa Diyos at sa ating kapwa, humingi tayo ng tawad. (*Manahimik saglit.*)

P–Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa katotohanang dulot ng Espiritung iyong isinugo, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kawalan ng pag-asa sa ligayang bigay ng iyong Espiritu, Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kahinaan ng pagmamahal sa iyo na siyang nagtutulak sa aming sumuway sa iyong mga nais, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan

tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O

Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, gawin mong sa masasayang araw na ito ng aming pagdiriwang sa pagkabuhay ni Kristo, kami’y makaganap ng pagdiriwang na wagas upang ang aming ginugunita ay lagi naming matupad sa gawa, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Gw 10:25-26.34-35.44-48

Hindi mapili ang Espiritu Santo sa mga taong kanyang pananahanan. Hindi lamang ang mga Hudyo kundi pati na rin ang mga Hentil ay binibigyan niya ng kaligtasan. Ang sambayanan ni Cornelio ay pinuspos na ng Espiritu Santo bago pa man sila mabinyagan. Maging bukas sana tayo sa pagtanggap sa sinumang taong ipinadadala ng Diyos sa ating buhay.

L– Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Sinalubong ni Cornelio si Pedro at nagpatirapa sa harapan nito at sumamba. Ngunit sinabi ni Pedro, “Tumindig kayo. Ako’y tao ring tulad ninyo.

Ngayon ko lubusang natanto na walang itinatangi ang Diyos. Nalugod siya sa sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid, kahit saang bansa.”

Nagsasalita pa si Pedro nang bumaba ang Espiritu Santo sa mga nakikinig ng salita. Namangha ang mga mananampalatayang Judio na kasama ni Pedro, sapagkat ang mga ito ay pinagkalooban din ng Espiritu Santo. Narinig nila ang mga Hentil na nagsasalita sa iba’t ibang wika at nagpupuri sa Diyos.

Kaya’t sinabi ni Pedro, “Tulad natin, sila’y pinagkalooban din ng Espiritu Santo. Sino pa ang makahadlang na binyagan sila sa tubig?” At iniutos niyang binyagan sila sa pangalan ni Hesukristo. Pagkatapos,

hiniling nila kay Pedro na manatili roon ng ilang araw.

Ang Salita ng Diyos!

B –Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 97

B–Panginoong nagliligtas sa tanang bansa’y nahayag!

R. M. Velez



* Umawit ng bagong awit at sa Poon ay ialay, pagkat yaong ginawa n’ya ay kahanga-hangang tunay! Sa sariling lakas niya at taglay na kabanalan, walang hirap na natamo yaong hangad na tagumpay. **B.**

* Ang tagumpay niyang ito’y siya na rin ang naghayag, sa harap ng mga bansa’y nahayag ang pagliligtas. Ang pangako sa Israel, lubos niyang tinutupad. **B.**

* Tapat siya sa kanila at ang pag-ibig ay wagas. Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay namalas! Magkaingay na may galak, yaong lahat sa daigdig; ang Poon ay buong galak na purihin sa pag-awit! **B.**

Ikalawang Pagbasa 1 Jn 4:7-10

Itinuturo ni San Juan ang katotohanan hinggil sa kalikasan ng Diyos. Ang Diyos ay pag-ibig. Ang taong umiibig ang nagpapamalas na kilala niya ang Diyos, na siya’y alagad ni Kristo, at siya’y pinananahanan ng Espiritu Santo.

L–Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Juan

Mga pinakamamahal: Mag-ibigan tayo sapagkat mula sa Diyos ang pag-ibig. Ang bawat umiibig ay anak ng Diyos, at kumikilala sa Diyos. Ang hindi umiibig ay hindi kumikilala sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig.

Inihayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang suguin niya ang kanyang bugtong na Anak upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan niya.

Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Diyos kundi tayo ang inibig

niya at sinugo ang kanyang Anak upang maging handog sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan.

Ang Salita ng Diyos!

B –Salamat sa Diyos!

Aleluya Jn 14:23

B –Aleluya! Aleluya!

Ang sa aki’y nagmamahal, tutupad sa aking aral, Ama’t ako’y mananahan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Jn 15:9-17

Ang sipi ng ating Ebanghelyo ay hango sa panayam ni Hesus sa Huling Hapunan. Ipinapangako niya ang pagpanaog ng Espiritung Banal sa kanyang mga alagad. Ang Espiritu ang magpapatingkad ng kanilang pagmamahalan sa isa’t isa. Siya rin ang pagmumulan ng kanilang kaligayahan sa pagiging kaanib ng Bagong Bayan ng Diyos.

P– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B–Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Kung paanong iniibig ako ng Ama, gayon din naman, iniibig ko kayo; manatili kayo sa aking pag-ibig.

Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig; tulad ko, tinutupad ko ang mga utos ng aking Ama at ako’y nananatili sa kanyang pag-ibig. Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang makahati kayo sa kagalakan ko at malubos ang inyong kagalakan. Ito ang aking utos: mag-ibigan kayo gaya ng pag-ibig ko sa inyo.

Walang pag-ibig na hihigit pa sa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan. Kayo’y mga kaibigan ko kung tinutupad ninyo ang mga utos ko. Hindi ko na kayo inaaring alipin, sapagkat hindi alam ng alipin ang ginagawa ng kanyang panginoon. Sa halip, inaari ko kayong mga kaibigan, sapagkat sinabi ko sa inyo ang lahat ng narinig ko sa aking Ama.

Hindi kayo ang pumili sa akin; ako ang pumili at humirang sa inyo upang kayo’y humayo at mamunga, at manatili ang inyong bunga. Sa gayon, ang anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ipagkakaloob sa inyo.

Ito ang iniutos ko sa inyo: mag-ibigan kayo.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Hingin natin sa Diyos na lumakas ang ating pagmamahal kay Kristong muling nabuhay at pabalik na sa kanyang Ama. Ang ating sasambitin ay:

B –Amang mapagpala, isugo Mo sa amin ang Espiritu ng pag-ibig!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang mapuspos sila ng handog ng Espiritu Santo at nang mapalago nila ang pag-iibigan sa buong Bayan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat ng mga Kristiyano sa ating bayan, upang sa taong ito ng paggunita sa ika-500 taon ng pagdating ng pananampalatayang Kristiyano sa Pilipinas ay darangin ng Espiritu ang kanilang mga puso ng apoy ng dalisay na pag-ibig, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang mamayani ang pagmamahal at pagpapakasakit sa kanilang paglilingkod sa taong-bayan at mawala sa kanilang mga puso ang pag-iimbot at pagiging makasarili, manalangin tayo sa

Panginoon!

B.
* Para sa mga taong nagsisikap sundin ang mga utos ng Diyos sa kanilang pang-araw-araw na buhay, upang sa pagninilay sa Salita ng Diyos at sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya, ay matagpuan nila ang pag-ibig na huhubog sa kanila bilang mga tunay na alagad ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito ng Salita ng Diyos at ng Banal na Eukaristiya, upang maging masigasig tayong tagapagbalita ng katotohanang si Kristo ay buhay at maging masugid na tagapagdala ng kanyang pag-ibig sa tanan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo!

B.
P–Ama naming muling bumuhay kay Hesukristo mula sa kamatayan, isugo Mo sa amin ang Espiritu Santo upang hindi kami malubog sa burak ng kalungkutan, pagkabigo at kawalan ng pag-asa at bagkus ay maging masasayang tagapagdala ng Mabuting Balita ng pag-ibig at kaligtasan sa sandaigdigan. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon. **B** –Amen!



P–Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, pakatyatin mo sa iyong piling sa kalangitan ang aming mga panalanging kalakip ng haing mga alay, upang ang mga pinagindapat mong gawing dalisay ay maging marapat na makasalo sa piging ng iyong pagmamahal, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

Prepasyo ng Pagkabuhay V

P –Sumainyo ang Panginoon!

B –At sumaiyo rin!

P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B –Itinaas na namin sa Panginoon!

P –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B –Marapat na siya ay pasalamatan!

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang katawan ng Anak mong sa krus nabayubay ay handog ng pag-ibig na walang kapantay. Ito ang paghahaing ganap mong kinalugdan. Ito ang nilunggati ng dating pag-aalay. Ang buong sarili ng Anak mong si Hesus ay inihain sa iyo upang kami’y matubos. Siya ang dambana at paring naghahandog. Siya pa rin ang tupang handog na ibinukod.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B–Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Panginoong Hesus, ang pinakadakilang tanda ng pag-ibig ng Diyos para sa atin. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kung ako ay mamahalin, mga utos ko'y tutupdin at sa inyo'y susuguin, Patnubay sa inyong piling. Aleluya ay awitin!

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa pagkabuhay ng iyong Anak ay papakinabangin mong lagi sa kanyang lakas bilang bungang masagana ng dulot mong pagliligtas, sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGWAWAKAS



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Tapos na ang Misa. Humayo kayo sa kapayapaan.

B– Salamat sa Diyos!

Ang Apostolikong Liham ni Papa Francisco (*PATRIS CORDE*) sa Ika-150 Taon ng Pagpapahayag kay SAN JOSE bilang Tagapagtanggol ng Buong Simbahan
(P. René T. Lagaya, SDB)

Ikaapat na Bahagi: Ang Bukas-Loob na Ama

Tinaggap ni Jose si Maria nang walang pasubali. Nagtiwala siya sa sinabi ng anghel. Ang kagitingan ng puso ni Jose ay ganoon na lamang na ang anumang natutunan niya sa Kautusan ay kanyang ibinatay sa pag-ibig. Sa ating daigdig ngayon, kung saan ang karahasang panlabas at panloob laban sa kababaihan ay talamak, si Jose ay lumilitaw bilang isang lalaking magalang at maunawain. Kahit hindi niya nauunawaang mabuti ang buong larawan, nagpasiya pa rin siyang ipagtanggol ang mabuting pangalan ni Maria, ang kanyang dangal, at ang kanyang buhay. Sa kanyang pag-aatubili kung paano nga ba ang tamang pagkilos, tinulungan siya ng Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay ng linaw sa kanyang pang-unawa.

Malimit sa buhay ay may mga nagaganap na hindi natin nauunawaan. Madalas ang ating unang tugon ay pagkainis at paghihimagsik. Isinantabi ni Jose ang kanyang sariling pananaw upang tanggapin ang mga pangyayari at, mahiwaga man ang mga ito, ay yakapin ang mga ito, panagutan ang

mga ito, at gawin silang bahagi ng ating kasaysayan. Kapag hindi natin tinanggap ang mga pangyayaring ito sa ating sariling kasaysayan ay hindi tayo makakausad sa buhay, dahil tayo ay laging mananatiling nakakulong sa ating mga inaasahan at sa mga kabiguang kasunod ng mga ito.

Ang landas na pangkaluluwang inilalatag sa atin ni Jose ay hindi nagpapaliwanag kundi tumatanggap. Sa pamamagitan lamang ng pagtanggap na ito, ng pakikipag-ayos na ito, maaari nating simulang masulyapan ang higit na malawak na kasaysayan at higit na malalim na kahulugan. Halos atin nang nauulinigan ang madamdaming tugon ni Job sa kanyang maybahay noong hinihimok siya nitong mag-alsa laban sa kamalasang kanyang pinapasan: “Kaginhawahan lang ba ang tatanggapin mo sa Diyos at hindi pati kahirapan?” (*Job 2:10*)

Hindi tinanggap ni Jose ang mga pangyayari sa kanyang buhay dahil wala na siyang magawa. Tinanggap niya ang mga ito nang may lakas ng loob at may pagnanais na mabigyan ng kaganapan ang mga ito. Ang pagtanggap sa mga kaganapan sa ating

buhay ay tanda ng katatagang dulot ng Espiritung Banal. Tanging Diyos lamang ang makapagpapalakas sa atin upang matanggap ang ating buhay na puno ng mga salungatan, pagkabigo, at pagkayamot.

Ang pagdating ni Hesus sa ating piling ay handog ng Ama. Dahil dito ay kinakaya nating tanggapin ang ating pansariling kasaysayan, kahit ito ay hindi natin lubusang maunawaan.

Sinabi ng Diyos kay San Jose: “Jose, anak ni David, huwag kang matakot!” (*Mateo 1:20b*) Ito rin ang sinasabi ng Diyos sa atin: “Huwag kang matakot!” Dapat nating isaisang-tabi ang lahat ng galit at kabiguan at yakapin ang mga bagay-bagay sa ating buhay, kahit ang mga ito ay taliwas sa ating ninanais. Hindi natin dapat tiisin na lamang ang mga ito; kailangan nating yakapin ang mga ito nang may pag-asa at tapang. Sa paraang ito lamang maaaring mabuksan ang ating mga sarili sa higit na malalim na kahulugan ng mga ito. Ang ating mga buhay ay maaaring isilang na muling balot ng himala kapag natatagpuan natin ang lakas na isabuhay ang lahat ayon sa Ebanghelyo. Hindi na mahalaga kung parang mali ang lahat ng nangyayari sa atin

at mayroon pa ngang hindi na maaayos. Kaya ng Diyos na patubuin ang bulaklak sa lupang mabato. Kahit inuusig tayo ng ating budhi, “ang Diyos ay higit sa ating budhi at alam niya ang lahat ng bagay” (1 Juan 3:20b).

Narito muli ang ating pakikipag-tagpo sa katotohanan ng Kristiyanong walang inaayawang anuman. Ang katotohanang mahiwaga at masalimuot ang tagapagdala ng kabuluhan sa ating buhay, taglay ang kanyang liwanag at dilim. Sinasabi nga ni Apostol Pablo: “Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawang kasama ang

mga nagmamahal sa kanya” (Roma 8:28a). Idinagdag pa ni San Agustin: “kahit ang tinatawag na masama.” Sa higit na malawak na pananaw na ito, ang pananampalataya ang nagbibigay-kahulugan sa bawat pangyayari, masaya man o malungkot.


Hindi rin natin dapat isiping ang pananampalataya ay ang pagha-hanap ng madali at maalwang lunas. Ang pananampalatayang itinuro ni Kristo ay ang ating namamalas kay San Jose. Hindi siya naghanap ng magpapadali, kundi hinarap niya ang katotohanan nang

hindi nakapikit ang mata at pananagutan ang lahat.

Ang pananaw ni Jose ang humihimok sa ating tanggapin ang lahat maging sino man sila at walang itinatangi. Binibigyan ng kakaibang kalinga ang mga mahihina, dahil pinipili ng Diyos ang mahihina. Siya ang “tumingin sa ulila’t sanggalang ng mga balo” (Salmo 68:5). Siya ang nag-uutos sa ating mahalin ang mga hindi kilala sa ating paligid. Nais kong isiping kay San Jose hinugot ni Hesus ang talinghaga ng alibughang anak at ng maawaing ama.

Refresh your knowledge about Mary and fan your love for her with the help of the pamphlets –

MARY, THE MOTHER OF THE REDEEMER



A complete life of Mary narrated with a simple text and classic paintings of unrivalled beauty, + a treasury of Marian Prayers



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua